

# Kolektibong mga Agos

Pandaigdigang mga solusyun para  
wakasan ang mga plastik sa karagatan





# Mga Nilalaman

Buod ng Ehekutibo.....	1
Estado ng Kaalaman.....	3
Polusyon sa at Pamplanetang Krisis.....	3
Mga Plastik at Biodiversity.....	3
Mga Plastik at Komunidad.....	5
Mga Plastik at Klima .....	6
Isang Natigil na Pandaigdigang Kasunduan sa : Ang Kaso para sa Lokal na Pamumuno at mga Solusyon .....	7
Tamang-Sukat na mga Pamamaraan.....	8
Tinatudlaang Paglilinis.....	8
Paggawa at Paggamit ng Kaunting Plastik.....	10
Epektibong Pinalawak na Responsibilidad ng Prodyuser.....	11
Mga Sistema na Walang Basura.....	15
Dagdag .....	21

A photograph showing a person in a white shirt and dark pants carrying a yellow bucket filled with plastic waste, including bottles and containers, on a beach. The background shows a large pile of driftwood and another person in the distance. The text 'Buod ng Ehekutibo' is overlaid on the left side of the image.

# Buod ng Ehekutibo

foto credit: GreenHub

Ang pandaigdigang polusyon sa plastik na krisis—higit na pinapatakbo ng malawakang paggamit ng minsanang-gamit, itinatapong mga plastik —nagdudulot ng agarang mga banta sa mga sistema ng ekolohiya, kalusugan ng tao at, at dahil sa mga emisyon na nauugnay sa produksyon ng plastik, katatagan ng klima. Ang mga plastik ngayon ay tumatagos sa bawat aspeto ng kapaligiran, at pagkatapos nila masira para maging maliliit na , pinaparumi nila ang hangin na ating nilalanghap, ang kinakaing pagkain at ang tubig na ating iniinom. Binibigyang diin ng siyentipikong ebidensiya ang mga panganib na idinudulot ng mga plastik sa buong siklo ng kanilang buhay, mula pagkuha at produksyon hanggang sa pagtapon, maging ito man ay pagsusunog, pagtatapon o maling pamamahala.

Ang kawalan ng balanse sa pagitan ng produksyon ng plastik at pamamahala sa basura ay kritikal na sanhi ng krisis, partikular sa matataas-ang-kita na mga bansa. Ang Estados Unidos, bilang halimbawa, ay lumilikha ng tinatayang 17% ng pandaigdigang basurang plastik sa kabila na kumakatawan lamang ng 4% ng populasyon ng mundo. Ang muling-paggamit ay nanatiling hindi lubos, na may mas mababa pa sa 9% ng pagbubukod-bukod ng basurang sa U.S. para sa muling-paggamit at mas maliit na bahagi ang aktwal ang nagagamit ulit sa makabuluhang mga paraan. Karamihan dito sa mga maaaring muling-paggamit na mga materyal sa Global North, ayon sa kasaysayan ay iniluluwas sa mga bansa sa Global South, kung saan ang imprastruktura sa basura ay maaaring hindi sapat. Subalit ang bansang tumatanggap nito ay kadalasang maling inilarawan bilang pangunahing pinagmumulan ng polusyon sa plastik, na tinatakpan ng pinagbabatayang dinamika ng daloy ng pandaigdigang basura at kawalan ng katarungan sa kapaligiran.

**Ang pagtugon sa polusyon sa plastik ay humihingi ng isang sistematiko, patas at pandaigdigang pagkakaugnay na pamamaraan.**

Ang pagbawas sa produksyon ng plastik at paggamit—lalo na sa mga bansang mataas ang nalilikhang basura—ay mahalaga sa pagpapagaan ng presyon sa mga sistema ng basura at pagsuporta sa mas makatarungan, napapanatiling mga resulta.

Habang ang pandaigdigang mga negosasyon sa kasunduan sa plastik ay patuloy na natitigil, ang kahalagahan ng lokal na pamahalaang pamumuno ay hindi kailanman naging mas dakila kaysa dati. Ang mga lungsod, mga estado at mga rehiyon ay nasa harap ng mga pagsusumikap na malabanan ang polusyon sa plastik—ipinapakila ang mga plastik bag ban, paglimita sa mga bagay na minsanang-gamit, at pagtataguyod ng pagbawas at muling paggamit na nangunguna sa pambansa at internasyonal na pakikipag-ugnayan.

Ang mga lokal na pamahalaan ay kadalasang direktang responsable sa pamamahala ng mga lokal na sistema ng basura, na naglalagay sa kanila sa magandang posisyon para magsagawa ng epektibong aksyon. Ang kanilang pagiging malapit sa mga komunidad ang nagbibigay sa kanila na mai-disenyo at maipatupad ang walang basura na mgaistratehiya na angkop sa mga partikular na pangangailangan at mga ambisyon.


Hindi alintana kung ano ang nilalaman sa hinaharap ng pandaigdigang kasunduan sa plastik, ang tagumpay nito sa huli ay nakadepende sa epektibong pagpapatupad. Na ang responsibilidad ay hindi nakasalalay sa pambansang pamahalaan lamang ngunit babagsak din sa mga entidad ng lokal na pamahalaan—mga probinsiya, mga rehiyon, mga lungsod at bayan. Habang ang polusyon sa plastik ay isang pandaigdigang isyu, ang mga kahihinatnan nito ay matinding nararamdaman sa lokal na kapaligiran—mga baradong daluyan ng tubig, labis na nabibigatang mga imprastruktura ng tubig ng mga nanganganib na mga komunidad. Ang malakas na lokal na aksyon ay mahalaga para pansanggalang sa karagatan at sa kapaligiran na nagpapanatili sa ating lahat.

Ang mga lokal na inisyatibo para sa walang basura ay magsisilbi bilang pundasyon para sa mas malawak na tagumpay, na lilikha ng epektong alon na susuporta sa pangmatagalang epekto ng isang pandaigdigang kasunduan. Sa pagbabahagi ng mga natutunang aral at pagpapakita ng totooong pag-unlad, ang mga nangungunang lokal na pamahalaan ay makaka-impluwensiya sa mataas na antas ng paggawa ng desisyon at magbigay inspirasyon sa iba na gumaya. Ang pagpuno sa mga awang na naiwan ng hindi nakumpletong kasunduan, ang mga hakbang na ito ay mag-aalok din ng nadadaramang patunay na ang naka-sistemang pagbabago ay parehong makakamit at napapalawak, tumutulong na maisulong ang mga negosasyon sa hinaharap patungo sa matapang na mga resulta na agarang kinakailangan ng ating planeta.

Ang krisis na polusyon sa plastik ay nakikitang resulta ng isang sirang pandaigdigang ekonomiya ng plastik at hindi sapat na mga sistema sa basura. Upang matugunan ang krisis na ito, mahalaga na maisaalang-alang ang siklo ng buhay ng mga plastik—mula pagkuha ng fossil na panggatong hanggang sa pagtapon—at tingnan ang komprehensibong, ma-sistemang mga solusyon. Ang tatlong mga haligi na mahalaga para tapusin ang polusyon sa plastik ay ang

- 1) tinutudlaang paglilinis,
- 2) komprehensibong reporma sa mga patakaran sa plastik, at
- 3) isinusulong na mga lokal na sistema ukol sa walang basura.

Ang ulat na ito ay binabalangkas kung paano ang tamang-sukat na pagharap sa polusyon ng plastik na sinusuportahan ng pondong panimula ay makakapagsulong ng pagbabagong transformatibo na kailangan para sa karagatan at ang mga komunidad na umaasa dito.





# Estado ng Kaalaman

## Polusyon sa Plastik at Pamplanetang Krisis

*Photo credit: Alyssa Schukar*

Ang karagatan ay kritikal sa lahat ng may buhay sa mundo, pagkontrol sa ating klima, pagsuplay ng pagkain at pagsuporta sa mga kabuhayan sa buong mundo. Pero ang bawat bahagi ng mahalagang sistemang ito – mula sa pinakamalalim na trinsera ng karagatan hanggang sa niyebe ng Arctic—sa ngayon ay nasasayaran na ng polusyon ng plastik. Tinatayang mayroong 11 milyong tonelada ng mga plastik ang dumadaloy sa karagatan sa bawat taon.<sup>1</sup> Ang polusyon ng plastik sa karagatan ay hindi lamang nagmumula sa mga dalampasigan at mga baybaying komunidad. Pumapasok ang mga plastik sa karagatan mula sa mga ilog, mga kanal at mga imburnal, na nangangahulugan na ang polusyon ay maaaring magsimula sa malayong ilaya at milya-milyang lupain na malayo sa baybayin.

Tinatayang 40% ng taunang produksyon ng plastik ay ginagamit para sa plastik na pambalot, at itong mga magaan at minsanang-gamit na mga plastic na bagay ang nag-aambag ng napakalaking halaga ng polusyon sa mga komunidad at karagatan. Sa ibang panig ng mundo at sa nakalipas na 40 taon, ang mga bagay na palagiang pinakamataas sa listahan na nakokolekta ng Ocean Conservancy's International Coastal Cleanup® ay ang minsanang-gamit na pambalot at gamit sa pagkain. Kapag nakapasok ang mga ito sa karagatan, pinipinsala nila ang mga hayop, pumapasok sa tanikala ng pagkain at suplay ng tubig, sinisira ang mga serbisyo ng ekosistema na ibinibigay<sup>2</sup> ng karagatan gaya ng pagkontrol sa klima at katatagan ng baybayin, malulsog na mga palaisdaan, at pangkultura at pangkabuhayang ekonomiya na umaasa sa isang malusog, umuunlad na karagatan.

Mula sa pagkuha ng fossil na panggatong para sa produksyon ng hanggang sa lason na mga epekto ng basurang sa mga ekosistema at kalusugan ng tao, pinapalakas ng mga ang magkakadugtong na pamplanetang krisis na hinaharap natin ngayon—pagbabago sa klima, pagkawala ng biodiversity at polusyon ng plastik. Sa gitna ng magkakadugtong na pamplanetang krisis na ito ay ang ating karagatan.

## Mga Plastik at Biodiversity

Mula ekosistema at kagusutan sa pagkalantad sa kemikal, ang polusyon ng ay naapektuhan ang biodiversity sa dagat sa hindi mabilang na mga paraan. Mula sa pinakamaliit na plankton hanggang sa pinakamalaking mga balyena, na halos 1,300 na uri ng hayop sa dagat ay na-dokumentado sa paglunok ng mga plastik—na ang bilang ay patuloy na tumataas. Kasama sa listahang ito ang mga uri ng bawat pamilya ng mga mamalya sa dagat at ibon sa dagat at lahat ng pitong uri ng marinong pagong.<sup>3</sup> Kadalasang napagkakamalan ng mga hayop na ang mga ay pagkain.

Ang mga nalunok na mga plastik na ito ay maaari ring malipat pataas sa lambat ng pagkain sa dagat sa mga uri ng mandaragit, kasama ang marami na nakakain ng tao bilang pagkaing mula sa dagat.<sup>4</sup> Bilang karagdagan, umaakit ng bakteryang mga plastik at maaaring nakatuon na pamana (e.g., DDT) at ibang mga kemikal na nakakakontaminado (e.g., mga pormasyotiko at mabibigat na mga metal) mula sa kapaligiran na ilang milyong beses na mas mataad kaysa sa nakapalibot na tubig-dagat<sup>5</sup>, nagbabadya ng panganib na kontaminasyon sa buhay sa tubig at mga tao na konsumidor ng mga pagkaing dagat.

Gaya ng palunok, ang pagkakagusot ay ang nangungunang dahilan ng pinsala sa marine mababangis na hayop sa dagat na may kaugnayan sa plastik. Ang mga pagsusuri-ng-kauri ng siyensiya na kasamang isinulat ng mga siyentipiko ng Ocean Conservancy ay nagpakita abandonadong, nawala o kung hindi man ay itinapong gamit sa pangingsda (ALDFG)—gaya ng mga net, linya, tali at mga lutuan—ay ang nangungunang banta ng pagkakagusot para sa buhay sa dagat, kasama ang mga produkto ng mga konsumidor gaya ng mga bag na plastik at ang mga lobo ay nagiging sanhi din ng pinsala ng pagkakagusot.<sup>6</sup> Ang ALDFG at ibang mga plastik ay nabitag ang mga marinong hayop na nagiging dahilan ng mga pinsala o pumipigil sa kakayahan ng hayop na maghanap ng pagkain, gumalaw o huminga. Sa maraming mga kaso, ang interaksyong ito ay nagreresulta ng kamatayan. At dahil ang gamit sa pangingsda ay sinadyang idenisenyo na manghuli at magbitag ng tinutudlaang mga hayop sa dagat, kapag ito ay nawala o naitapon nagpapatuloy pa rin ito na walang pinipili hanggang sa susunod na mga dekada.

Sa kabila ng pagtaas ng kamalayan at pa-aalala para sa mga resulta ng polusyon ng plastik sa mababangis na hayop sa dagat at mga sistema ng buhay sa dagat, ang mga siyentipiko ay inaasahan na ang polusyon sa plastik ay magiging triple pagdating ng 2040 kung walang gagawing nadadaramang aksyon. Ang pag-unawa sa lubos na hanay ng biodiversity na mga resulta dahil sa pagtagas ng plastik sa karagatan sa kasalukuyang antas at paghula sa mga resulta sa ilalim ng inaasahang mga kaganapan sa hinaharap ay mahalaga para sa tinutudlaang mga pagsusumikap sa konserbasyon at naglalayon ng mga pagbabago sa mga patakaran na nakatukoy sa pagpapagaan pa lalo sa pinsala ng mga mababangis na hayop sa dagat.

## Gaano karami ang masyadong marami? Paghulma ng mga Panganib sa Mortality kung Malunok ang Plastik para sa Buhay sa Dagat

Ang mga siyentipiko ng Ocean Conservancy ay kamakailan lang ay nakabuo ng mga modelo na batay sa mahigit 10,000 na mga datus ng necropsy na tinatantiyang pagkakamatay ng mga pagong sa dagat, mga ibon sa dagat at mga mamalya sa dagat sa dami ng plastik na natagpuan sa kanilang mga bituka. Sa mga indibidwal na mga hayop na necropsies na naimbestigahan, 36% ang ibon sa dagat, 14% ang mga mamalya sa dagat at 50% ng mga pagong sa dagat ang nagkonsumo ng plastik. Nakakapangilabot, na isa sa bawat dalawampung pagong sa dagat sa basehan ng datus ng pagsasaliksik ay namatay partikular ng dahil sa pagkain ng plastik. Kung ang hangganan ng kabagsikan ay kinalakala para sa iba't-ibang mga uri ng plastik (matigas na mga plastik, malambot na mga plastik, goma, mga dumi ng pangingsda) at mga grupo ng mga uri., natagpuan ng mga siyentipiko ng Ocean Conservancy na ang konti gaya ng tatlong piraso ng goma (yaong mga hibla mula sa pumutok na lobo) ay magiging dahilan ng pagkamatay ng 90% ng katamtamang-laki ng mga ibon sa dagat.<sup>7</sup>

Ipinapakita ng pananaliksik na ito ang pinaka-komprehensibong panganib ng pagkakamatay na pagtatasa na isinagawa para sa pagkain ng microplastik hanggang sa kasalukuyan, na malawakang nabubuo sa dati nang mga trabaho batay sa sampol na sukat ng mga isinaalang-alang na mga indibidwal at pagigin komplikado ng paraan ng pagmomodelo. Ang mga pagtuklas ay binibigyang diin ang panganib ng poluisyon ng microplastik na poses sa kalusugan ng hayop, at ang panganib ay nag-iiba sa kung anong hayop at uri ng plastik—krikal para ipaalam sa mga pananaliksik sa hinaharap at patakaran sa polusyon sa plastic.

## Mga at Komunidad

Mula noong 1986, ang mga boluntaryo kasama ang Ocean Conservancy's International Coastal Cleanup® (ICC) ay nakapag-alis ng halos 410 million indibidwal **debris** na mga bagay mula sa mga tabing-dagat, mga daanan ng tubig at mga komunidad sa baybayin, ang lahat ng ito habang kumokolekta ng mga datus sa mga urio ng mga bagay na natatagpuan. Mahigit sa 90% ng lahat ng mga **polusyong** bagay ang nakolekta sa pamamagitan ng ICC na sa nakalipas na apat na mga dekada ay naging gawa sa mga . **Consistently** sa buong mundo, ang minsanang-gamit na pamabalot na at gamit sa pagkain ay kabilang sa sampu na pinaka-karaniwang nakukuhang mga bagay.

Sa kaparehong panahon, ang mga datus mula sa pagtatasa ng pandaigdigang paglalarawan sa basura ay nagpapakita na 18 sa dalawampung pinakamataas na karaniwang mga polusyong na mga bagay na pagtatasa ay ang mga pambalot ng pagkain, pangunahin ang pambalot sa pagkain, mga bote ng inumin at mga sisidlan ng pagkain.<sup>8</sup> Sa mga materyales na iyon, kung saan walang ligtas at **viable** na opsyon sa muling paggamit, kung saan ay isinasangguni rin bilang residual na mga plastic, ang mga **sachet** na plastic ay partikular na **pernicious**. May tinatayang 855 bilyong mga **sachet**, maliit na minsanang-gamit, minsanang pakete na panghanda ng pang-araw-araw na gamit ng konsumidor gaya ng **shampoo** o kape, ay pandaigdigang ibinibenta bawat taon,<sup>9</sup> kaya nagkaka-polusyon sa mga komunidad sa kabila ng mga pang-industriyang ekonomiya, gaya ng India, ang Pilipinas, Indonesia at **beyond**. Ang mga na ito ay nagbabadya ng malaking mga panganib sa baybayin at pare-parehong komunidad na **landlocked**. Ang mga **toxic** na kemikal na tumatagas mula sa mga plastic sa pamamagitan ng pagbasura at pagsunog na kinokontamina ang hangin, lupa at tubig, na nagbabadya ng malubhang mga panganib sa kalusugan sa mga komunidad.<sup>10</sup> Ang bagong pananaliksik ay nagmumungkahi na ang kilalang mga kemikal na may kaugnayan sa pambalot na ,3,310 iba't-ibang mga kemikal ay kilala na **toxic** sa nakatukoy na mga **organ**, **carcinogenic** o **toxic** para sa **reproduction**, o **endocrine** disrupting,<sup>11</sup> na may 63 iba't-ibang mga kemikal na tinukoy sa isang kaugnay na pag-aaral siyang pinakamataas na ranking na mga panganib sa kalusugan ng tao at 68 para sa mga panganib.<sup>12</sup> Bilang kargdagan, marami sa mga **bioplastic** na tumataas na ibinibenta na mas mabuting alternatibo sa minsanang-gamit na mga ay naglalaman ng kaparehong proporsyon ng mga kemikal na isinasaalang-alang bilang mga katulad na nakabatay sa fossil-fuel.

Dagdag pa, ang mga basurang ns maaaring bumara sa mga daluyan ng tubog at mag-ambag sa pagbabaha, pinapalaki ang panganib sa pagkasira nga pag-aari at pagkakaalis. plastic debris can obstruct

Photo credit: GreenHub



## 10 PINAKAMATAAS NATANGGAL NA MGA BAGAY

INTERNASYONAL NA PAGLILINIS SA BAYBAYIN  
1986 - 2024

8 Mga Upos ng Sigarilyo  
64,434,166

9 Mga Balpt sa Pagkain (kendi, tsistirya, atbp.)  
31,649,791

6 Mga Bote ng Inumin ()  
25,628,872

Mga Takip ng Bote ()  
19,580,186

Mga Straw, Mga Panghalo  
15,864,865

Mga Pabg sa Pamilihan  
13,207,425

Mga Bote sa Inumin (Babasagin)  
12,059,501

Ibang mga na Bag  
11,544,317

Mga Lata ng Inumin  
11,300,727

Mga Baso, Plato ()  
8,463,332

Ang pagprotekta sa mga komunidad mula sa mga panganib ng polusyon ng ay mahalaga para sa pagmimintini na maging matatag ang kanilang ekonomiya at katatagan ng kapaligiran. Ang pagdami ng mga basurang plastik sa mga tabing-dagat at sa karagatan ay makakasira sa lokal na mga palaisdaan at turismo, na parehong mahalaga sa mga sektor ng ekonomiya para sa baybaying komunidad. Isang pag-aaral ang nakatuklas na ang 90 U.S. kanlurang baybayin na mg akomunidad sa kabuuang California, Oregon at Washington ay gumastos ng mahigit \$520 milyong taun-taon upang matugunan ang kalat at maiwasan na pumunta ang basura sa karagatan at mga daluyan ng tubig.<sup>13</sup>

Isang pag-aaral ang nakatuklas na kung dodoblehin ang mga basura sa dagat ng mga dalampasigan ng Alabama, na inaasahan sa ilalim ng kasaluluyang paghuhula, ay magresulta ng \$113 milyon na pagkawala sa akita ng turismo at 2,200 na mas kaunting mga trabaho.<sup>14</sup> Ang pagkuha sa halaga ng mga pagkasira ng ekosistema, pagkawala sa turismo, epekto sa mga palaisdaan at ang pagkawala ng ibang mga benepisyo sa ekonomiya ng karagatan, ang tinatayang gastos sa polusyon ng ay \$500 bilyon hanggang \$2.5 trilyon sapandaigdigang ekonomiya sa bawat taon.<sup>15</sup>

## Mga at Klima

Ang mga plastik ay nakukuha mula sa mga fossil na panggatong, at ang pagkuha, pagpipino at proseso ng paglikha ay naglalabas ng malaking halaga ng mapanganib na greenhouse na gaas gaya ng carbon dioxide at methane sa atmospera. Kung ang ay sinusunog sa pamamagitan ng kemikal na muling paggamit o ang proseso ng basura-maging-enerhiya gaya ng refuse-derived na panggatong, sila ay naglalabas ng karagdagang greenhouse na gaas, na tuluyang nagpapalala sa pag-iinit ng mundo.<sup>16, 17, 18</sup> Sa katunayan, ang mga plastik ay nagdadala ng mahigit 5% ng pandaigdigang greenhouse na gaas (GHG) na mga inilalabas at 12% ng pangangailangan sa langis—mas marami kasya sa pandaigdigang biyahe sa himpapawid. Ang karamihan sa inilalabas na GHG mula sa pangunahing produksyon ng ang nagaganap bago ang polimerisasyon, at sa konserbatibong kaganapan na 2.5% na paglago kada taon, ang pangunahing produksyon ng ay gagamitin ang 21-26% ng natitirang badget ng carbon para limitahan ang pag-iinit ng mundo ng 1.5°C pagdating ng 2050.<sup>19</sup>

Ang pagdami ng basurang sa likas na mga kapaligiran, partikular sa karagatan, ay pumipigil din sa mga ekosistema na may mahalagang papel sa pagkuha ng carbon, kagaya sa mga bakawan.<sup>20</sup>

Ang mga prodyuser ng plastik na resin ay humaharap sa pamimilit na bawasang ang mga GHG at ang lumiliit na merkado sa ibang mga produkto ng fossil na panggatong dahil sa paglipat sa renewable na enerhiya. Ang muling paggamit ng kemikal<sup>1</sup> at kaparehong mga proseso ay ibinibenta bilang mga paraan na layunin na pambalanse sa inilalabas na carbon habang hinahayaan ang patuloy na tuloy-tuloy na produksyon ng birheng dagta. Dahil sa na itaas ang dami ng muling-paggamit na laman sa mga produkto, ang mga prodyuser ng plastik ay nagpupursige na masiguro na kasama ang anumang depinisyon ng muling-paggamit ang muling-paggamit ng kemikal at kaugnay na mga teknolohiya upang makapagpatuloy sila sa pagbebenta ng birheng dagta sa mga taga-manupakturya na nais maghabol sa kakayahan-na-muling-paggamit.

Ang katapusan-ng-buhay na mga proseso na hindi makakapagpabalik ng mga materyales ng plastik (i.e., hindi “plastik-sa-plastik”) ay hindi dapat ituring na muling-paggamit at nagsisilbi lamang na maantala ang mga pagbabago sa Sistema na kailangan para makapagpatayo ng paikot na ekonomiya. Ano mang pagtrato sa katapusan-ng-buhay para sa mga plastik na nagdadala ng may inilalabas na nakakapinsala (kasama na ang inilalabas na GHG) sa mga komunidad, hangin o mga daluyan ng tubig na hindi nakakapagpanatili at hindi dapat ituring na bahagi ng paikot na ekonomiya. Ang pagpokus sa nakakaligaw na mga solusyon gaya ng muling-paggamit ng kemikal, mga panggatong na galing-sa-basura, basura-na magiging-enerhiya na mga proseso o kahalintulad na “mabilisang pag-aayos” na nakakapagpaantala lamang sa isang tunay na paikot na ekonomiya at pinapatagal ang pinsala sa komunidad at kapaligiran.

1 Itinuturing ng Ocean Conservancy ang teknolohiya ng muling-paggamit ng kemikal na nakakapinsala kung hindi nila mabawi ang plastik at nakakalikha ng pinsala sa kapaligiran at lipunan. Pag-aralan pa ang aming posisyon sa muling-paggamit ng kemikal [dito](#).

## Isang Natigil na Pandaigdigang Kasunduan sa : Ang Kaso para sa Lokal na Pamumuno at mga Solusyon

Noong ika-2 ng Marso, 2022, ang United Nations Environmental Assembly (UNEA) ay sumang-ayon sa isang resolusyon sa ilalim ng pangalan na “Wakasan ang polusyon ng plastik: Tungo sa internasyonal na instrumento na legal na nagbibigkis.” Sa pamamagitan ng resolusyong ito, ang mga bansa ay sumang-ayon na simulan ang proseso para makipagnegosasyon sa isang bagong kasunduan sa polusyon ng plastik, kasama ang kapaligiran sa dagat.

Ang takdang panahon ay nabuo bilang limang magkakaharap na mga pagpupulong ng mga komite para sa negosasyon ng mga gobyerno o intergovernmental negotiating committee (INC), kasama ang intersesyon na trabaho sa pagitan nila, at ang pangako nang pagkakaroon ng plano ng kasunduan bago ang Disyembre 2024.

Sa kabila ng lumalaking pagmamadali at pampublikong pamimilit para wakasan ang polusyon ng plastik, ang INC ay hindi umabot sa mandato na makapaghatid ng plano ng kasunduan noong Disyembre 2024 at sa halip ay napilitan na ipagpatuloy ang ikalimang sesyon ng mga negosasyon (INC-5.2) noong Agosto 2025. Mahigit sa 2,600 na mga delegado ang kumatawan sa 183 na mga Miyembrong Estado at mahigit sa 400 na mga organisasyon na taga-observa ang nagtipun-tipon sa Palais des Nations sa Geneva, Switzerland, para sa INC-5.2 na ang tanging mandato ay upang tapusin ang teksto ng kasunduan. Sa kabila ng sampung araw na mga negosasyon at dalawang bagong mga plano na mga pag-ulit na ipiniresenta ng Tagapangulo ng INC, hindi naabot ang pinagkasunduan. Sa halip, ang mga Miyembrong Estado ay inulit ang kanilang pangako na ipagpatuloy ang proseso, at sumang-ayon na ipagpatuloy ang mga negosasyon sa susunod na petsa, na hindi pa napapagpasyahan.

Sa pinakahuling teksto na lumabas sa INC 5.2, ang kasunduan ay inuuna ang pamamahala sa plastik na basura kaysa sa pagtupad sa orihinal na mandato: pagwakas sa polusyon ng plastik. Ang kawalan ng ambisyosong pangako na mabawasan ang mga plastik sa pinagmulan, ang internasyonal na komunidad ay ipinagsapalaran na mawala ang isang kritikal na pagkakataon na matugunan ang isa sa pinakamabigat na mga hamon sa kapaligiran ng ating panahon.

Ilang linggo matapos ang konklusyon ng INC 5.2 inanunsiyo ng Patnugot ng INC ang kanyang pagbibitiw, na iniwan ang mga negosasyon sa kasunduan sa panahon na lubhang hindi matatag. Ang kawalan ng pagkakasundo sa pinal na teksto at ang eleksyon ng isang bagong Patnugot ng INC na magaganap sa Pebrero 2026, ang papel ng sub-nasyonal na pamumuno ay hindi kailanman naging napaka-kritikal. Ang mga lungsod, mga estado at mga rehiyon ay matagal nang naging mga pinuno sa pagharap sa polusyon ng plastik—sa pangunguna ng plastik na bag bans, paghihigpit sa mga bagay na minsanang-gamit at mga insentibo para sa pagbabawas at muling-paggamit ng maayos bago pa man makahabol ang Pambansa o pangdaigdigang balangkas. Ang sub-nasyonal na mga gobyerno ay kadalasan na direktang responsable sa pamamahala ng basura at sa makatuwid ay, mainam na pagposisyon sa pagdisenyo at magpatupad ng epektibong mga solusyon na nagsasalamin sa mga katotohanan at mga ambisyon sa kanilang mga komunidad. Ang mga organisasyon ng lokal na lipunang sibil ay ang nasa unang linya ng pagpapanatili ng komunidad, mga tabing-dagat, mga daluyan ng tubig at ang ating karagatan na maging malaya mula sa polusyon ng plastik sa pamamagitan ng walang-humpay na pag-iwas, pagpapagaan at mga pagsusumikap sa paglilinis.

Wala ng oras para maghintay, subalit. Dalawampung-tatlong milyong tonelada ng mga plastic ang pumapasok sa pandaigdigang pantubig na ekosistema taun-taon. Ang napakalaking dami ay inaasahan na mas magdoble bago ang 2030 kung hindi natin babaguhin ang ating relasyon sa mga plastik. Para maiwasan ang ganitong kapalaran, at habang ang internasyonal na komunidad ay pinag-iisipan ang susunod na mga hakbang nito para sa proseso ng INC, agaran at may koordinasyong aksyon ang dapat na gawin ngayon para mabawasan, mapamahalaan at mapagaan ang polusyon ng plastik.



# Tamang Sukat na mga Pamamaraan

Photo credit: Rodrigo Fonseca

Para makamit ang ambisyon na ipinapakita ng siyensiya ay mahalaga, kailangan nating magpokus sa tatlong pangunahing mga estratehiya:

- 1 Tinutudlaang paglilinis ng pamanang basura
- 2 Malakas na pinalawig-prodyuser responsibilidad sa and pinagmulan-pagbawas na mga patakaran
- 3 Mga sistema ng walang basura na inayon sa lokal na mga konteksto

Ang pagpapatupad sa bawat solusyon ay nag-iiba batay sa mga panrehiyong kadahilanan at dapat na magabayan sa pakikipagtulungan sa lokal na mga lider.

Sa kaibuturan nito, ang krisis isa mga plastik na ito, kasama na ang krisis sa klima ay tinutulungan nitong mapalakas, isang sintomas ng mas malaking pagkabigo—ang buong sistema kung paano natin ginawa, ginamit at itinapon ang mga produkto at mga pambalot na sadyang idenisenyo para maging basura sa kapinsalaan ng ating karagatan, ng ating klima at sa ating mga komunidad. Sa tinagal-tagal, ang mga komunidad sa baybayin, lalo na sa Global South, ay napilitan na komprontahin ang mga alon ng tubig-dagat na polusyon ng plastik. Ngunit mula sa krisis ay may pagkakataon, at ang mga komunidad na nasa harapan ay ang pinagmulan ng lokal na naaangkop, napatunayang mga solusyon. Ang mga komunidad sa harapan ng sumusulong na komprehensibong mga patakaran sa pagbawas ng plastik at mga lungsod na nangunguna sa walang basura mula sa itaas ng bundok hanggang sa dalampasigan ang lahat ay mayroong kadalubhasaan upang maging mga tagapaglunsad ng pagbabago.

## Tinutudlaang Paglilinis

Kabilang sa mga estratehiya para matugunan ang polusyon ng plastik, ang mga tinutudlaang paglilinis—ang pagkuha ng basurang plastik sa kapaligiran—ay kadalasang nakikita na hindi masyadong mahalaga kaysa sa pag-iwas ng polusyon sa pinagmulan. Habang ang pag-iwas ay mahalaga, kritikal na matandaan na ang plastik sa kapaligiran ay hindi basta-bastang aalis. Nananatili ito, nasisira para maging micro- at nano-na mga plastik, at patuloy na magiging dahilan ng pinsala sa ekolohiya at lipunan.

Ang paglilinis ay kritikal para mabawasan ang patuloy na ekolohikal, ekonomiya at lipunang epekto—pareho sa ngayon at sa hinaharap. Subalit, para matugunan ang napakalaking problema, kailangang natin na may estratehiko at mahusay na harapan ang paglilinis ng minanang polusyon ng plastik.



Photo credit: Rodrigo

Ang tinutudlaang paglilinis na nakatuon sa mga pinagkukunan na mga lugar na may mataas na ekolohikal, pangkultura o ekonomiyang halaga ay napakahalaga. Ang maiinit na lugar ng biodiversity, gaya ng bahura (coral reefs>remove after checking), bakawan at mga sapa, ay partikular na nanganganib sa mga plastik at ibang mga bagay na nagdudulot ng polusyon, ang pagpokus sa mga pagpupursige ng paglilinis sa mga kritikal na mga lugar na ito ay nakakaiwas ng panganib na pinsala sa kalusugan ng ekosistema at katatagan, pagprotekta sa pamana at pangkulturang mga bagay, at nagpapanatili sa mga komunidad na nakaasa sa malinis na tubig para sa kanilang kabuhayan. Sa pamamagitan ng pagpokus sa mga rehiyon kung saan ang mga nasa panganib na pangkapaligiran, lipunan at ekonomiya ay ang pinakamataas, ang paglilinis ay nagiging kritikal na kagamitan para mapagaan ang sira, panatilihin ang serbisyo ng ekosistema at mga ekonomiyang pag-aari para sa hinaharap na mga henerasyon.

Ang tinutudlaang mga paglilinis ay nakakatipid rin, ang paggamit ng mga datos at lokal na kaalaman para unahin ang mga pagsusumikap kung saan ang epekto ay pinaka-makabuluhan at ang mga interbensyon ay pinakatumpak at maayos ang pinagkukunan. Ang ganitong mga mabisang paglilinis ay nangangailangan ng tunay at malakas na mga koneksyon. Sa lokal na mga lider at malakas na pakikipagtulungan sa buong mundo para matukoy ang mga lugar, bumuo ng mga nagtutulungang mga estratehiya, at buhayin ang mga kaalyadong grupo sa pagsusumikap.

Ang pagsunod sa paraang ito ay krtikal din kung mag-oorganisa ng mga bitag sa basura bilang paraan ng tinutudlaang paglilinis. Ang mga bitag sa basura ay mga aparatu na nag-aalis ng plastic na basura mula sa mayroong tubig na mga kapaligiran. Ang kanilang mga disenyo ay malawakang nag-iiba-iba mula sa karaniwang ilog na mga harang hanggang sa hiwalay na mga robot na nagpapatrolya at naglilinis sa dalampasigan. Tumataas ang pagorganisa sa mga teknolohiyang ito kasabay ng manwal na paglilinis na pagsusumikap, na nag-aalok ng patuloy na operasyon para malabanan ang polusyon sa lupa at sa tubig. Sila ay espesyal na mahalaga sa mga lugar na mapanganib o mahirap para maabot ng tao. Kung pinaplano na ipatupad ang bitag sa basura, mahalaga na makipag-ugnayan sa masusing koordinasyon at konsultasyon sa lokal na komunidad. Sinisiguro nito na ang solusyon ay lokal na sinusuportahan at ang disenyo ay naaangkop na mailapat sa nakatukoy na kapaligiran, pangkultura at ekonomiyang mga kondisyon ng tinutudlaang lugar ng paglilinis.

Ang pagsusumikap sa paglilinis ay tinutugunan ang mga sintomas ng polusyon ng plastik, ngunit sila ay tumutulung sa paglaban sa mga ugat ng dahilan, Ang mayamang datos na nakokolekta sa pamamagitan ng mga pagsusumikap ng mamamayan ng siyensiya gaya ng Ocean Conservancy's International Coastal Cleanup® na nagbibigay daan na matukoy ang mga pangunahing pinagmumulan at suportahan ang tinutudlaang paggawa ng patakaran. Halimbawa, ang datos ng paglilinis ay ginamit para suportahan ang batas na nagbabawal sa minsang-paggamit ng mga plastik sa Canada at

Ang mga estado ng U.S. gaya ng Florida, Maryland at California. Ang datus ng paglilinis sa U.S. ay ipinapakita rin na ang plastik na bag bans ay kaugnay sa makabuluhang pagbawas sa pagkakalat ng bag. Lampas sa patakaran, ang paglilinis ay nasisilbi bilang makapangyarihang plataporma na pang-edukasyon. Ang pakikilahok sa mga kaganapan ng paglilinis ay binabago ang mahirap unawain na mga isyu sa kapaligiran upang maging konkreto, personal na mga karanasan—ginagawa ang malayong mga ulong balita upang maging unang enkwentro. Ang praktikal na paglahok ay kadalasang nagdadala ng matibay na suporta para sa pagbabago ng patakaran at mas napapanatiling personal na mga gawi.

Ang may estratehiyang pagaoalawak ng mga pagpupursige sa paglilinis ay estratehiya na may dalawang layunin: Ito ay naghahatid ng nadadamang mga pagbabawas sa pinsala sa kapaligiran ngayon habang pinapalakas ang pundasyon nang pangmatagalan, ang pagbabawas sa pinagmulan ng plastik sa loob ng mga lokal na mga komunidad at sa pandaigdigang sukat.

## Paggawa at Paggamit ng Kaunting Plastik

Ang siyensiya ay malinaw: Upang malabanan ang krisis ng polusyon ng plastik at produksyon kailangan nating simulan ang paggawa at paggamit ng kaunting plastik sa simula pa lang. Ang pinaka-simple at pinaka-epektibong paraan para makamit ang layuning ito ay sa pamamagitan ng mga mandato nang pagbawas sa pinagmulan—mga patakaran na nangangailangan ng kaunting plastik sa paglipas ng panahon. Ang tinutudlaan na pinakamababang 50% para sa pandaigdigang pagbabawas sa pinagmulan ng minsanang-gamit na mga plastik bago ang 2050 ay mahalaga at makamamit na tinutudlaan na kayang baguhin ang sitwasyon sa umiiral na babala ng polusyon ng plastik sa ating karagatan at mga komunidad na nakaasa rito.

Para maiwasan ang hula sa pagtaas ng polusyon ng plastik sa--karagatan, ang mga modelo ay nagpapakita na bago ang 2030 kailangan natin na bawasan ang pagkonsumo at paggamit ng plastik ng 25-40% depende sa antas ng kita ng bansa. <sup>21</sup> Natuklasan ng ibang mga pag-aaral na ang humigit-kumulang na 80% na pagbabawas sa polusyon ng plastik sa--karagatan, may 47% na pagbabawas (kasama ang direktang pagsusumikap gaya ng pag-aalis at muling paggamit at paglipat sa mga materyales na hindi-plastik) bago ang 2040 ay mahalaga.<sup>22</sup>

Ang minsanang-gamit na mga plastik o single-use plastics (SUPs) ay ang tinutudlaan na pinakamainam para sa mga patakaran ng pagbabawas sa pinagmulan sapagkat ikinakatawan nila ang mga uri ng plastik na pinakamadaling alisin, palitan ng alternatibong mga sistema ng paghahatid (e.g., muling paggamit at muling-lagyan), o lumipat sa mas nakakapanatiling mga uri ng materyal . Gaya ng napag-usapan noong nakaraan, ang datus mula sa Ocean Conservancy's International Coastal Cleanup® ay nagpapakita sa pinakakaraniwang mga bagay na nagpaparumi sa tabing-dagat at mga daluyan ng tubig sa buong mundo bawat taon ay ang minsanang-gamit na mga plastik. Kapansin-pansin, na halos 70% ng pinakaraniwang mga bagay—kung saan kasama ang mga bag na plastik, mga straw, pambalot ng pagkain at ibang minsanang-gamit na mga plastik---ay hindi-na-muling-magamit. Ang minsanang-gamit na mga plastik ay ikinakatawan ang malapit sa 40% ng taunang produksyon ng plastik sa buong mundo at isa sa mga pinakamabilis na lugar para sa paglago sa loob ng sektor. Ibig sabihin nito na ang pagpokus sa pagbabawas sa minsanang-gamit na mga plastik ay maaaring magkaroon ng napakalaking epekto sa pag-iwas sa polusyon mula sa buong siklo ng buhay ng plastik (kasama ang mga kalat at mga emisyon) habang ang paglilinis din ng ating mga daluyan ng muling paggamit para mapabuti ang paglipat sa isang paikot na ekonomiya.

### Ang 50% pagbawas ng pinagmulan ng SUPs ay:

- Maiwasan ang produksyon ng mahigit 2.6 bilyong metrikong tonelada ng mga plastik.
- Maiwasan ang 10.8 hanggang 11.5 bilyon metrikong tonelada ng carbon dioxide-katumbas (CO<sub>2</sub>-e) na mga emisyon, katumbas ng pagkuha sa bawat kotse sa mundo na hindi lumabas sa kalsada ng 1.6 na mga taon.
- Paliitin ang pandaig-digang produksyon ng minsanang-gamit na plastik mula 300 MMT sa negosyo-gaya-ng-dati na mga tagpo sa tinatayang 77 milyong metrikong tonelada taun-taon bago ang 2050. <sup>23</sup>

## Epektibong Pinalawak na Responsibilidad ng Prodyuser

Ang mga bansa na may malawak na imprastruktura sa pamamahala-ng-basura, gaya ng U.S., ay patuloy na nahihirapan na epektibo at mahusay na pamahalaan ang kanilang mga daluyan ng basura. Halimbawa, tanging 21% ng mga pantirahang materyal na maaring muling-magamit ay tagumpay na muling-nagagamit, sa kabila ng 73% ng bansa ay pinagsisilbihan ng imprastruktura para sa muling-paggamit.<sup>23</sup>

Sa huli, ang mga sistemang ito ay naghihirap mula sa isang nagkakalat na hanay ng iba't-ibang mga pamantayan mula sa produksyon hanggang sa pagtatapon. Ang kawalan ng ibinahaging mga pamantayan na kailangan ay nagresulta ng labis na produksyon, walang kwentang halaga ng muling-paggamit, at ang pagkalat ng paglapat sa basura ng nakakapinsalang mga estratehiya, gaya ng muling-paggamit ng kemikal, at ang kanilang kaugnay na magastos na imprastruktura. Sa tinagal-tagal, marami sa mataas-ang-kita na mga bansa sa Global North ang nalampasan ang mahirap na pamamahala ng basura sa loob ng bansa sa pamamagitan ng pagluluwas ng kanilang mga "maaaring muling-magamit" sa Global South. Habang maraming bansa ang naglalagay ng katapusan sa nakakapinsala na gawing ito, ang mga bansa na malaki-ang-kita gaya ng U.S. ay humaharap sa isang pagkalkula kung paano mapamahalaan ang kanilang napakalaking produksyon ng basura.

Ang opsyon na sirain at muling magtayo mula sa wala sa mga lugar kung saan umiiral ang malawak na imprastruktura ng basura ay hindi na praktikal. Sa halip, kailangan nating tingnan ang malakas na patakaran na mabilis tumugon sa likas na nagbabagong pamamahala ng basura at tumutugon sa mga awang ng mga dating patakaran para tunay na mahawakan ang mga prodyuser na maging responsable sa kanilang basura at maglakbay patungo sa hinaharap na walang basura.

### Ang Ebolusyon ng Pinalawig na Responsibilidad ng Prodyuser para Tugunan ang Hamon

